# PINUNONG BATA, PARA SA KAPWA BATA

*by:*
**CRISTINE JOY C. PASCUAL**
*Teacher I, Kanawan Integrated School*

Ang bawat sulok ng paaralan ay tila mas maliwanag at mas masigla kapag naroroon ang mga batang mapayapa, magalang, at may malasakit sa kapwa. Sila ang mga pinunong bata—mga batang hindi lamang iniisip ang sarili, kundi inuuna ang kapakanan ng kanilang mga kaklase at kaibigan. Sa kanilang murang edad, pinipili nilang maglingkod, makinig, at mamuno sa paggawa ng tama.

Ang pagiging lider ay hindi nangangahulugang ikaw ang laging bida o palaging nasa harapan. Ang tunay na pamumuno ay nasusukat sa kakayahang maglingkod at magpakita ng kabutihang-asal. Para sa pinunong bata, mahalaga ang katapatan, respeto, disiplina, at malasakit—mga haliging bumubuo sa isang makatao at makabuluhang pamumuno.

depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

Isang magandang halimbawa ng pamumunong ito ay matatagpuan sa Supreme Elementary Learner Government (SELG). Ayon sa Department of Education (2024), ang SELG ay itinatag upang linangin ang kakayahan ng mga mag-aaral na maging aktibo, responsable, at makataong lider sa paaralan. Sa tulong ng kanilang mga proyekto tulad ng clean-up drives, peer tutorials, at feeding programs, naipapakita ng mga miyembro ng SELG ang tunay na kahulugan ng serbisyo. Sa kabila ng kanilang edad, pinatunayan ng mga batang ito na kaya nilang mamuno at magsilbing inspirasyon sa kanilang kapwa.

Subalit hindi rin madali ang maging isang pinuno, lalo na kung ikaw ay bata pa. Minsan, ang kanilang kakayahan ay hindi agad kinikilala ng iba. May mga pagkakataong hindi nauunawaan ng mga mas nakatatanda ang kanilang mga mungkahi o layunin.

Gayunpaman, sa kabila ng mga paghihirap, ang kabataang pinuno ay nagtitiyaga. Sa halip, patuloy siyang lumalaban, tumitibay, at natututo sa bawat karanasan.

Ayon sa UNICEF Child Participation Framework (2021), ang pagbibigay ng aktibong papel sa mga bata sa mga desisyon ng paaralan o komunidad ay mahalaga sa paghubog ng makataong lipunan. Kapag nararamdaman ng bata na mahalaga siya at may boses, mas nagiging handa siyang gumanap ng responsibilidad, magtaguyod ng kabutihan, at maging bahagi ng pagbabago.

Hindi rin kailangang malalaki ang gawain ng isang pinunong bata. Minsan, ang mga simpleng kilos ay sapat upang magpakita ng pamumuno. Ang pag-abot sa kaklaseng may mabigat na dinadala, ang pagbati ng "Magandang umaga," o ang pagtulong sa nahihirapang kamag-aral ay mga konkretong anyo ng pamumuno. Ang tunay na lider ay hindi naghihintay ng posisyon o titulo. Ang isang tunay na pinuno ay hinihimok at may layunin.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Gaya ng mga guro at magulang, mahalaga rin ang papel ng paaralan sa paghubog ng pinunong bata. Sa pagbibigay sa kanila ng tiwala at pagkakataon, unti-unti silang nahuhubog bilang mga lider—hindi lamang para sa kasalukuyan, kundi para rin sa hinaharap. Ang mga batang natututo ng responsibilidad at pakikiisa ay mas may posibilidad na maging mabuting mamamayan pagdating ng araw.

Sa huli, ang pinunong bata ay larawan ng kabataan na may malasakit at pangarap para sa kanyang kapwa. Siya ay handa na kumilos sa paraang nakikinabang sa karamihan. Hindi siya naghahanap ng papuri o gantimpala. Ang nais lamang niya ay ang makitang maayos, masaya, at maunlad ang buhay-eskwela ng kanyang kapwa mag-aaral.

Dahil ang isang tunay na pinuno ay namumuno para sa kanyang kapwa bata, hindi para sa kanyang sarili.

*References:*

Department of Education. (2024). Supreme Student Government Operational Guidelines.

UNICEF. (2021). Child Participation in Decision-Making: A Rights-Based Approach. https://www.unicef.org

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan